Mensahe mula sa Superintendente

Isa tayong komunidad na may batayang paniniwala – na bawat bata at bawat tao ay kapantay ng iba pang bata at tao.

Nasasakop ang lahat ng paniniwalang ito, anuman ang lahi, nasyonalidad, kasaysayan ng pagiging migrante, relihiyon, pangkasariang identidad, seksuwal na oryentasyon, kakayahang ekonomiko, estado ng mga kakayahan, wika, at edad. Sa ating pinakamahuhusay na sandali, ipinagdiriwang natin ang mga pagkakaiba-iba, niyayakap ang mga hindi pagkakasundo, at pinagyayaman ang kalakasan ng bawat isa.

Mahigpit ang ating paniniwala sa katarungang panlipunan, at ang ibig sabihin nito, nakikipaglaban tayo sa pang-aaping bunga ng nariyan nang mga sistema. Tumitindig tayo para sa mga posibleng maging biktima nito at umaasang ganoon din ang gagawin sa atin, kapag kinailangang mayroon ding tumindig para sa atin. Inilalagay natin sa unahan ang mga pangangailangan ng mga estudyante, at bibigyan natin sila ng proteksiyon sa kasalukuyan.

Ang mga batayang paniniwalang ito ang kumokonekta sa atin araw-araw. Maghanap tayo ng mga pamamaraan na sumulong nang sama-sama, nang may pagkakaisa, at may lakas.

Myong Leigh
Interim na Superintendente